# Ang Tinapay Ng Buhay



Lingguhang Pagkain

Issue 8



"Huwag kang matatakot, ililigtas kita. Tinawag kita sa iyong pangalan, ikaw ay Akin. Pag ikaw ay daraan, sa karagatan, sasamahan kita; hindi ka madadaig ng mga suliranin. Dumaan ka man sa apoy, di ka maaano. Hindi ka maibubuwal ng mabibigat na pagsubok."

Isaias 43:1b-2

## BANGON, PANGINOON!

**Isang araw, si Jesus ay sumakay sa bangka kasama ang kanyang mga alagad. Sinabi niya sa kanila, "Tumawid tayo sa ibayo." At gayon nga ang ginawa nila. Nang sila'y naglalayag na, nakatulog si Jesus. Bumugso ang isang malakas na unos at ang bangka ay pinasok ng maraming tubig kaya't nalagay sila sa panganib. Nilapitan siya at ginising ng mga alagad, "Guro, Guro, lulubog na po tayo!" sabi nila. Bumangon si Jesus, at sinaway ang hangin at ang nagngangalit na mga alon, at tumahimik ang mga ito. Bumuti ang panahon. Tinanong niya sila, "Nasaan ang inyong pananalig?" Ngunit sila'y natakot at namangha, at ang sabi sa isa't-isa, "Sino kaya ito? Inuutusan Niya pati ang hangin at ang dagat, at sinusunod naman Siya ng mga ito!" -Lucas 8:22-25**

Ang buhay kay Cristo Jesus ay isang paglalakbay. Sa pagganap natin sa ating tungkulin para sa Panginoon at sa pagtugon natin sa pang araw-araw na buhay, laging kailangan tayong gumawa ng mga desisyon, maging ito ay sa tuwing bago tayo humakbang o habang tayo ay naglalakbay. Ano man at saan man ang ating paglalakbay; tayo man ay patawid sa kabilang ibayo sa tahimik na karagatan, o kung tayo man ay mag-aasawa, mag-aaral, maghahanap ng bagong trabaho, lilipat sa ibang tirahan, bibili ng bagong sasakyan, o magsisimula ng bagong ministeryo, ang Diyos ay kasama natin sa paglalakbay kung tayo ay nananalangin sa Kanya at inaanyayahang samahan tayo lagi.

Ngunit, kadalasan kung kailan nasa gitna na tayo sa ating paglalakbay o malapit ng matapos ang sinimulang proyekto, negosyo, o ministeryo ay saka pa dumarating ang unos at banta ng masamang ispiritu upang tayo ay panghinaan ng loob. Ito ay pamamaraan ng demonyo. Ginagawa niya ito dahil laban siya sa kagustuhan at kalooban ng Diyos. Ayaw niya sa mga sumusunod sa Diyos! Ang unos ay sanhi upang ang ating bangka ay maalog at tumagilid na magiging dahilan upang tayo ay matakot at mawalan ng sapat na pananalig. At magtatanong tuloy tayo kung tama pa rin ba ang ating ginagawa, o ayon pa rin ba sa kalooban ng Diyos? Maisip natin na tayo ay nagkamali at tuloy bumabalik tayo sa simula. Masama ito dahil lalo lang nating pinahihirapan at pinahahaba ang

ating lakbayin.  Nagdudulot ito sa atin ng kawalan at pagdurusa. Ngunit sa isang banda mainam rin na masagupa natin ang unos upang tayo ay pagtibayin sa ating pananalig sa Diyos, at makita natin ng malinaw at maabot ang ating patutunguhan kasama si Jesus**.  "Mga kapatid, magalak kayo kapag kayo'y dumaranas ng ibat-ibang pagsubok, sapagkat alam ninyo na lalong magiging matatag ang inyong pananampalataya matapos ninyong pagtagumpayan ang mga pagsubok na iyan.  At dapat kayong magpakatatag hanggang wakas upang kayo'y maging ganap at walang pagkukulang."  (Santiago 1:2-4)** Kung gayon, "**Ituon natin ang ating paningin kay Jesus na siyang pinagmulan ng ating pananampalataya, at Siya ring nagpapasakdal nito.  Dahil sa kagalakang naghihintay sa Kanya, hindi Niya ikinahiya ang mamatay sa krus, at Siya ngayo'y nakaluklok sa kanan ng trono ng Diyos."  (Hebreo 12:2)**

Sa gitna ng nagngangalit na panahon nakakaisip tayo ng maraming solusyon at nakakalimutan natin si Jesus na siyang nagbigay sa atin ng inspirasyon upang gawin ang isang bagay.  Si Jesus na humikayat sa atin upang maglakbay ay Siya ang may kapangyarihang magdala sa atin sa kabilang ibayo.  Siya ay si Jesus na kasama natin sa

bangka at natutulog.  Kung minsan ay ginagawa natin ang lahat ng bagay upang malagpasan ang mga pagsubok.  Nananalig tayo sa ating sariling karunungan, at umaasa tayo sa kapwa nating mananampalataya.  Nakakalimutan tuloy natin ang pinakamabuting gawin at pinakamabisang paraan; ang gisingin si Jesus na kasa-kasama natin sa paglalakbay.  Ang layo Niya ay isang agwat ng panalangin lamang.

Ang nabanggit na sipi sa Biblia ay nagsasaad ng totoong naganap sa mga alagad ni Jesus, at patuloy na nagaganap sa ating araw-araw na buhay.  Ang mga alagad ni Jesus ng makita nilang malapit na silang lumubog, ang ginawa ay gisingin Siya upang sila ay iligtas.  At ang ginawa ni Jesus na pagpatigil sa unos ay hindi lamang upang ihayag ang Kanyang kapangyarihan kundi upang ipaalam na ang Kanyang mga alagad ay laging ligtas dahil kasama Siya.  Samakatuwid, tayong mga mananampalataya ni Cristo-Jesus kung papagtibayin lamang natin ang ating pananalig sa Kanya ay walang sinuman o anumang problemang makakapigil sa ating pagkalakbay.  Gamitin nating kapaki-pakinabang ang mga pagsubok na dumadating sa atin.  At ito ay kung papatatagin natin ang pananampalataya sa Kanya.  At kung Siya man ay parang natutulog iyon ay upang tayo ay subukan sa ating pananampalataya at hinihintay lamang Niya ang ating pagbabalik-loob.  **"'Sandaling panahong kita'y iniwanan ngunit dahil sa tapat kong pag-ibig, muli kitang kukupkupin.  Sa tindi ng galit nilisan kita sandali. Ngunit habang panahon kong ipadarama sa iyo ang tapat Kong pagmamahal.'  Iyan ang sabi ni Yahweh na nagligtas sa iyo." (Isaias 54:7-8)**

Tulog man o gising si Jesus, ang tanong Niya sa atin ay gayon din: "**Nasaan ang inyong pananalig?"**  Kaya't dapat lamang nating ibigay ng buo ang ating pananalig sa Kanya, lalo na sa mga panahon na tayo'y nasa gitna ng unos at nahihirapang tumawid.  Siya ay si Jesus at sa Kanya ay walang di-mangyayari.  **"Pagpasok ni Jesus sa bahay, lumapit sa kanya ang mga bulag.  Tinanong sila ni Jesus, "Naniniwala ba kayo na magagawa ko ito?" "Opo, Panginoon," sagot nila.  At hinipo Niya ang kanilang mga mata at sinabi, "Mangyari sa inyo ang ayon sa inyong paniniwala."(Mateo 9: 28b- 29)**

***Mga kapatid,*** kung tayo ay nasa panganib, pagsubok, matinding pangangailangan, nalilito, kinukutya at nililibak, o nasa matinding kapighatian, manindigan tayo at tumawag ng walang pag-aalinlangan kay Jesus.  Huwag tayong mahiyang magsabi ng, "Gising, Panginoon, gising at iligtas mo ang Iyong mga anak."  At tayo'y mamamangha sa gagawin Niyang pagpatahimik sa unos at pagpasunod sa mga demonyo.  Dudurugin Niya ang batas at kapangyarihan ng ating mga kalaban.  **"Ikaw'y ililigtas Niya sa panganib, sa umang na bitag.  At kahit ano mang mabigat na salot di ka magdaranas.  Lulukuban Niya sa lilim ng Kanyang malabay na pakpak.  Sa kalinga Niya ay natitiyak mo na ikaw ay ligtas; Iingatan Niya't ipagsasanggalang, pagkat Siya'y tapat.  Pagsapit ng gabi, di ka matatakot sa anumang bagay.  Maging sa gagawing biglaang paglusob pagsapit ng araw."  (Awit 91:3-5)** Makikita natin sa ating mga mata kung paano ang Diyos Ama ay dudulog sa panaghoy ng Kanyang mga anak at ililigtas ang mga ito. Gagabayan Niya tayo sa pamamagitan ng mismong Kanyang mga kamay.  Pagkakalooban Niya tayo ng kapayapaan at papaglubagin ang ating kalooban. Kaya't, halina mga kapatid manalangin at managhoy tayo ng may pananampalataya. **"Panginoong Jesus,  Ikaw ang aking Taga-pagligtas."**  Amen.